NSW Health

Pagmamanman na x-ray sa dibdib para sa tuberkulosis (TB)

Chest x-ray monitoring for tuberculosis (TB)

Filipino

Ano ang pagmamanman na x-ray sa dibdib at bakit ko kailangan ito?

Maaari kang hilingin sa iyo ng iyong doktor na magkaroon ng regular na x-ray sa dibdib upang manmanan ang tuberkulosis (TB). Ang mga x-ray na ito ay nakakatulong na suriin ang anumang mga pagbabago sa iyong baga.

Ang mga x-ray ay ginagamit upang:

- matingnan kung ang impeksyon na TB ay naging sakit na TB.
- matingnan kung gumagaling ang sakit na TB gamit ang gamot.

Nakakasama ba ang mga x-ray?

Ang mga x-ray ay gumagamit ng maliit na piraso ng radyasyon. Ang halaga ng radyasyon sa isang x-ray ay katumbas ng pagkalantad ng radyasyon sa mahabang paglipad ng eroplano. Ang halaga ng radyasyon na ito ay itinuturing na ligtas kahit magkaroon ka ng maraming mga x-ray.

Kung sakaling ikaw ay buntis, mahalaga na ipaalam sa doktor bago pa ang x-ray. Pag-uusapan ninyo ng doktor kung dapat na maghintay gawin ang x-ray hanggang pagkatapos mong manganak. Kung kinakailangan mo ng x-ray habang buntis, hihilingin ka namin na magsuot ng isang espesyal na apron na yari sa tingga (special lead apron) upang maprotektahan ang iyong sanggol.

Maaaring ligtas pakainin ng mga nagpapasusong ina ang kanilang sanggol na walang panganib sa kanilang gatas o sanggol.

Ano ang mangyayari kung magkakaroon ako ng isang x-ray sa dibdib?

Ang isang radiographer ang kukuha sa iyong x-ray. Maaari kang hilingin ng radiographer na mag-alis ng alahas o magdamit ng isang gown ng pasyente bago nila kunin ang iyong x-ray. Kung gusto mong magkaroon ng isang taong tagasuporta sa silid, pakitanong sa radiographer.

Ilang segundo lamang na kukunin ang x-ray. Habang kinukuha ang x-ray, hihilingin kang huminga ng malalim at huwag gagalaw.

Kung magpapatingin ka sa isang TB clinic o isang chest clinic, ipagbigay-alam sa kanila kung kailan at saan ka huling na-x-ray sa dibdib.

Ang larawan ng x-ray ay ipapadala sa iyong doktor. Ikukumpara ng doktor ang larawan sa iyong dating mga x-ray sa dibdib upang hanapin ang mga pagbabago sa iyong baga. Maaari itong magtatagal. Makikipag-ugnay sa iyo ang iyong klinika kung mayroong anumang mga pagbabago sa iyong baga at kung kailangan mong makipagkita ulit sa iyong doktor.

© NSW Ministry of Health. SHPN (CDB) 240393-6. May 2024

Gaano katagal kong kailangang magkaroon ng pagmamanman ng x-ray sa dibdib?

Ang karamihang tao ay nagkakaroon ng mga x-ray sa dibdib bawat 6-12 buwan. Kung walang mga pagbabago sa iyong x-ray sa paglampas ng 2-3 taon, maaaring pagpasyahan ng iyong doktor na hindi mo na kailangang magkaroon ng pagmamanman ng x-ray sa dibdib. Kung mayroon kang mga tanong o pag-aalala, mangyaring talakayin ang mga ito sa iyong doktor.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TB, bisitahin ang health.nsw.gov.au/tb

Para sa libreng tulong sa iyong wika, tumawag sa Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete (TIS) sa 13 14 50.

© NSW Ministry of Health. SHPN (CDB) 240393-6. May 2024